


Mga Paggagamot sa COVID-19

Tagalog 12/2022

Ano ang mga ito?

Available ang mga gamot, kasama ang mga tabletang antiviral, para tulungan kang labanan ang impeksyong COVID-19. Makakatulong ang mga gamot na ito para hindi ka magkasakit nang malubha at kailanganing maospital. Gayunpaman, kailangang maibigay ang mga ito sa lalong madaling panahon kapag nagsimula na ang iyong mga sintomas. Pagpapabakuna pa rin ang pinakamainam na paraan para maiwasang magkaroon ng COVID-19.



Matutulungan ba ako ng mga ito?

Maaari kang maging kuwalipikado sa mga paggagamot na ito kung naging positibo ka sa COVID-19, may mas mataas na peligrong magkaroon ng malubhang karamdaman, at kung nagsimula kamakailan ang iyong mga sintomas. Maaaring maging kuwalipikado para sa paggagamot ang mga batang 28 araw na gulang at na may mataas na peligro para sa malubhang sakit. Kausapin ang doktor ng iyong anak para malaman kung magiging ligtas at mabisa ang mga paggagamot na ito para sa iyong anak.

Kailan ako dapat magpagagamot?

Pinakamabisa ang mga gamot na ito kung makukuha mo ang mga ito sa lalong madaling panahon pagkatapos makaramdam ng sakit. Kailangan mong simulan ang pag-inom ng mga tabletang antiviral sa loob ng unang 5 araw ng iyong mga sintomas. Mahalagang masuri kaagad para sa COVID-19 kung mayroon kang mga sintomas para matanggap at magamit mo ang mga gamot na ito. Maghanap ng lokasyon sa pagsusuri na malapit sa iyo sa coronavirus.utah.gov/utah-covid-19-testing-locations.



Paano ibinibigay ang mga ito?

Ireset sa iyo ang mga tabletang antiviral ng doktor at iinum sa bahay 2 beses sa isang araw sa loob ng 5 araw. Awtorisado at may kasanayang mga tagapaghatid ng pangangalaga lang ang maaaring magreset sa mga tabletang antiviral.

Ligtas ba ang mga ito?

Awtorisado ng Federal Drug Administration (FDA) ang mga gamot na ito, at naipakita sa mga klinikal na pagsusuri na ligtas at mabisa ang mga ito. May mga side effect (pangalawang epekto) ang lahat ng gamot at medikal na paggagamot. Kausapin ang doktor o ang tagapaghatid ng pangangalaga na nagbibigay sa iyo ng mga gamot na ito kung nag-aalala ka tungkol sa mga side effect at kung ano ang babantayan.



Saan ko makukuha ang mga ito? Maaaring magbigay ng mga gamot na ito ang iyong tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga, mga opisina ng doktor, mga klinika sa agarang pangangalaga, mga ospital, at mga botika sa buong estado. Makipag-usap sa doktor para malaman kung tama para sa iyo ang mga gamot na ito. Maaari ka o ang iyong insurance na singilin para matanggap ang mga paggagamot na ito.

Bisitahin ang coronavirus.utah.gov/treatments o tawagan ang Kagawaran ng Kalusugan at Mga Serbisyong Pantayo ng Utah (Utah Department of Health and Human Services) sa 385-273-7878 para sa listahan ng mga lokasyon kung saan maaari mong matanggap ang mga paggagamot na ito.